

Taon XXXV Blg. 7 Abril 7, 2004 www.philippinerevolution.org

Editoryal

Labanan ang papatinding pang-aapi sa mamamayang Moro

rehimeng Arroyo ang pangaapi sa mamamayang Moro.
Matinding takot ang bumabalot ngayon sa mamamayang Moro bunsod ng mga pagsosona sa kanilang mga komunidad, pagreyd sa kanilang mga bahay, arbitraryong pag-aaresto at pangtortyur sa umano'y mga terorista sa hanay nila. Ang balak ng Philippine National Police na ipatupad na sistema ng "Muslim ID" ay sisikil lamang sa kanilang mga kalayaang sibil.

Lubos na kinukundena ng Partido Komunista ng Pilipinas at buong rebolusyonaryong kilusan ang walang habas na mga atake ng rehimeng Arroyo laban sa mga karapatang-tao ng mamamayang Moro. Ang mga hakbangin ng reaksyunaryong rehimen ay nagpapalubha sa pambansang pangaapi at prehudisyal na paqtrato sa mga Moro at naglalarawan sa kanila bilang mga kriminal, bandido at elementong anti-sosyal. Dulot ng mga hakbangin ng rehimeng Arroyo, ngayo'y kaagad na tinatatakan na rin silang mga "terorista." Sinasamantala at lalong



pinasasama ng rehimeng Arroyo ang mga umiiral na maling anti-Morong kaisipan at kultura sa hangaring maipatupad ang mga patakarang anti-Moro.

Isinasakripisyo ng rehimeng Arroyo ang interes at kapakanan ng mamamayang Moro sa ngalan ng anti-terorismo. Paulit-ulit na ikinakatwiran ng rehimeng Arroyo na mayroon umanong mga "intelligence report" na balak ng Abu Sayyaf na sundan ang teroristang pambobomba sa Madrid, Spain noong Marso 11 ng katulad rin na pambobomba sa Kamaynilaan.

Tusong layunin ng rehimeng Arroyo na pairalin ang takot at isterya sa mamamayang Pilipino, magbigay-katwiran at kumuha ng simpatya sa isinasagawa nitong mga pasistang hakbangin laban sa mga Moro. Sa pamamagitan ng mga ito, umaasa ang pangkating

Mga tampok sa isyung ito...

Mga tampok na paglabag sa karapatang-tao Ambus sa Camarines Sur


PAHINA 6

Paglaban sa RSOT sa Eastern Visayas

PAHINA 9

Mga Moro, naglunsad ng protesta

Mariing kinundena libu-libong Moro and mga iliqal na pang-aaresto, pagdukot at pagkukulong sa kapwa nila Moro kamakailan sa Metro Manila kaugnay ng "kampanya



laban sa terorismo" ng rehimeng Arroyo. Nagmartsa ang mga Moro mula sa iba't ibang komunidad ng mga Muslim at nagdaos ng prayer rally sa Quezon Memorial Circle bandang ala-una ng madaling araw nitong Abril 6. Isa sa mga dumalo at nagsalita ang Islam convert na aktor na si Robin Padilla. Sa araw ding iyon, pinamunuan ng Muslim Multi-Movement Sectoral for Peace Development ang may 7,000 nagprotesta sa Plaza Cabili, Bangolo, Marawi City.

Bago ito, binatikos ni Almirah Ali Lidasan, nominado ng Suara Bangsa Moro panggigipit sa kapwa niya Moro pamamagitan ng Muslim ID System at iba pang anti-Moro na patakaran ng gubyerno. Nagpaabot din ng pagkabahala ang may 250 kasapi ng Ulama League of the Philippines, organisasyon ng mga lider-relihiyosong Muslim.

Arroyo na makakuha ng dagdag na mga boto na desperadong kinakailangan nito sa darating na eleksyon.

Lalong pinatitindi ng rehimeng Arroyo ang pambansang pang-aapi sa mamamayang Moro. Kailangangkailangang labanan ng mamamayang Moro ang mga hakbanging ito ng rehimeng Arroyo at ipagtanggol ang kanilang mga demokratiko at pambansang karapatan at kapakanan. Kailangang ipadama ng mamamayang Moro sa rehimeng Arroyo ang galit ng isang mamamayang dumaranas ng pambansang pang-aapi at igiit ang pagrespeto sa kanila at sa kanilang mga karapatan.


Sa kanilang paglaban, kailangang-kailangan din ng mamamayang Moro na tamasain ang suporta ng buong


IGALANG

MORG

sambayanang Pilipino. Ang gayong pagsuporta ay pagtindig laban sa pambansang pang-aapi sa mamamayang Moro.

Ang pagtatangka ng rehimeng Arroyo na higpitan at pagmalupitan ang mga Moro ay paunang hakbanqin nq reaksyunaryonq estado para ipataw sa kalaunan ang pasistang paghihigpit sa buong sambayanang Pilipino.





Kailangang buuin ang malawak na pagkakaisa ng sambayanang Pilipino upang biguin ang imbing mga balaking ito ng rehimeng Arroyo laban di lamang sa mamamayang Moro kundi sa buong sambayanang Pilipino. Malalim ang kabuluhan ng mga kaisahan at paqtutulungan ng mga organisasyong Moro at ng iba't ibang mga progresibo at demokratikong organisasyon ng mamamayang Pilipino.

Ang Partido Komunista at rebolusyonaryong kilusan ay buungbuong sumusuporta sa pagpapanday ng pagkakaisa ng mamamayang Moro at di Moro. Buong-buo nitong sinusuportahan ang paglaban ng mamamayang Moro laban sa mga atake ng rehimeng Arroyo.



Taon XXXV Blq. 7 Abril 7, 2004

Ang Ang Bayan ay inilalabas sa wikang Pilipino, Bisaya, Iloko, Hiligaynon, Waray at Ingles.

Maaari itong i-download mula sa Philippine Revolution Web Central na matataqpuan sa:

www.philippinerevolution.org.

Tumatanggap ang Ang Bayan ng mga kontribusyon sa anyo ng mga artikulo at balita. Hinihikayat din ang mga mambabasa na magpaabot ng mga puna at rekomendasyon sa ikauunlad ng ating pahayagan. Maaabot kami sa pamamagitan ng email sa:

angbayan@yahoo.com

Nilalaman

Editoryal	1
Mga paglabag sa karapatang-tao	3
32 bilanggong pulitikal, palalayain	5
Mga atake sa progresibong partido	6
Ambus sa Camarines Sur	6
Matatagumpay na opensiba sa EV	8
Sibilyang pananggalang	9
Paglaban sa RSOT sa EV	9
Labanan sa Cagayan Valley	12
BHB sa Mindanao	l 2
Bigong pribatisasyon	13
Balita	L 4

Ang Ang Bayan ay inilalathala dalawang beses bawat buwan ng Komite Sentral ng Partido Komunista ng Pilipinas



Mga tampok na paglabag sa karapatang-tao sa unang kwarto

atingkad na bahagi ng mga paglabag sa karapatang-tao ngayong unang kwarto ng 2004 ang pagdukot, pagpaslang at panghaharas sa mga kandidato at myembro ng mga progresibong partido sa gitna ng umiinit na pangangampanya para sa eleksyon sa Mayo. Tampok ang brutal na pagpaslang noong Pebrero kay Juvy Magsino, vice mayor ng Naujan, Oriental Mindoro at kandidato ng Bayan Muna sa pagkaalkalde.

Dumami rin nitong Marso ang mga kaso ng paniniil laban sa mga komunidad at mamamayang Moro at lumad, gamit bilang sangkalan ang kampanya laban sa terorismo. Gayunman, walang humpay pa rin ang mga abusong militar na kaakibat ng matinding militarisasyon sa kanayunan.

Sumusunod ang ilan sa naitalang pinakamatitingkad na kaso ng paglabag sa karapatang-tao mula Enero hanggang Abril 1.

Abril 1: Limang sibilyang Moro ang iligal na inaresto at inakusang mga kasapi ng Abu Sayyaf. Nagbabalak diumanong magpasabog ng mga bomba sa Metro Manila ang lima. Binugbog at tinortyur si Abduwali Villanueva, isa sa mga inarestong Moro, upang umaming terorista at lumagda sa dokumentong umaako sa mga bombang nasamsam ng mga pulis sa mga isinagawang reyd sa Makati at Quezon City.

Marso 27. Dinampot ng mga di nakilalang tao si Bong Manalili, lider ng Mexico Transport Group sa Mexico, Pampanga. Hanggang ngayon ay hindi inililitaw si Manalili.

Marso 26. Walang pakundangang sinalakay ng mga operatiba ng National Capital Region Police Office at Central Police Department-Special Weapons Action Team ang Islamic Center sa Ermin

Garcia St., Quezon City at dinakip ang dalawang babaeng Moro na

pinagbibintangang terorista.

Marso 1-22. Sampung tao ang dinukot ng militar mula sa magkakanugnog na munisipalidad ng Tinambac, Goa at Lagonoy sa Camarines Sur kaugnay ng operasyong pagtugis sa mga gerilya ng Bagong Hukbong Bayan (BHB) na bumihag sa dalawang sundalo sa isang taktikal na opensiba noong Marso 1 sa Barangay Bataan, Tinambac.

Unang dinukot noong Marso 2 si Jaime Rodriguez, 60 at Isiderio de los Santos, parehong organisador ng Bayan Muna. Sinundan ito ng pagdukot kina Emilio de los Santos, Sonny de los

Santos, Ariel Candelaria at Berning Abellana noong Marso 5.

Dinukot din ng mga elemento ng 9th ID si Joel Guilan, 18, nang hindi makita ang kanyang amang si Juanito na pinaratangang myembro ng

BHB. Tinakpan ng panyo ang kanyang bibig at ilong hanggang sa mawalan siya ng malay. Nang magising siya, nakagapos na siya sa isang koprahan. Kinalagan siya at itinali naman sa isang punongkahoy.

Noong Marso 16, dinukot sina Wilfredo Velarde at Joseph Carlote sa Barangay Salvacion, Tinambac habang nagtatrabaho sila sa bodega ng kopra ni Velarde. Hinalughog muna ang bahay ni Velarde hanapin para iniingatan umano nitong mataas na kalibreng baril. Nang wala silang matagpuan, pinosasan at dinakip si Velarde. Dinala na rin si Carlote nang makiusap ang misis ni Velarde na samahan ni Carlote ang kanyang asawa.

Pinakahuling dinukot si Domingo Mata nitong Marso 22.

Marso 13. Dinakip ng 15 armadong katao si Pedro Bueta, 54, organisador ng Anak Pawis, sa Barangay Buo, Magdalena, Laguna. Inilitaw lang siya noong Marso 20.

Marso 10. Iligal na inaresto ng mga elemento ng 46th IB si Joy Batis Paloma, 17, organisador ng Anakpawis, sa Barangay Hi-



luctugan, Carigara, Leyte. Dalawang araw siyang inimbestigahan at pinakawalan lamang noong Marso 12 matapos itong ikampanya ng mga organisasyong nagtataguyod sa karapatang-tao.

Marso 5. Sekswal na inabuso ng isang sundalo ang isang 16-anyos na dalaga habang iniinteroga ng mga sundalo ng 42nd IB ang kanyang kasintahang si Levy Caganda sa kanilang bahay sa Del Carmen, Lagonoy, Camarines Sur.

Marso 2. Sapilitang pinagqiya sa operasyong militar ng 19th IB at PNP Regional Mobile Group sa Barangay Waque, Leyte, Leyte sina Maximo Pobadora, isang barangay tanod at Iluminado Troyo, konsehal ng barangay. Isanq linggo ring nagulo ang kabuhayan ng mga taga-Barangay Waque, Cabungahan at Tag-abaca nang mapilitan silang lumikas dahil sa operasyon.

Pebrero 21. Hindi pa rin inililitaw sina Jacqueline Paguntalan, 26 at Rolando Portaliza, 30, kapwa mga organisador ng Bayan Muna na dinukot sa Barangay Kilim, Baybay, Leyte ng apat na lalaking pinaniniwalaang mga elemento ng Internal Security Unit. Papunta sila sa isang pulong ng Bayan Muna nang sapilitan silang isakay sa isang itim na van. Nakatakas ang isa nilang kasamana siyang nag-ulat ng han, pangyayari. Bago ito, isa pang organisador din ng Bayan Muna ang dinukot ng mga armadong lalaki sa Can-avid, Eastern Samar noong unang linggo ng Pebrero.

Pebrero 18. Dinukot at sinal-beyds ng pitong pinaghihinalaang

militar si Edrian Aliaga, coordinator ng Anakpawis sa Sta. Mindoro. Sapilitan siyang kinuha bandang 2:30 ng madaling araw sa kanyang bahay sa Barangay Lumang Bayan, Sta. Cruz. Natagpuang lumulutang kinaumagahan ang kanyang bangkay na tadtad ng saksak at may isang tama ng bala sa Amnay River sa kalapit na bayan ng Sablayan.

Pebrero 13. Brutal na pinatay si Juvy Magsino, vice mayor ng Naujan, Oriental Mindoro at tagapangulo ng Provincial Justice and Peace Council. Kasama niyang pinaslang si Leima

Fortu, Secretary-General ng

Karapatan-Oriental Mindoro.
Pinagbabaril sila sa kanilang
sasakyan sa Barangay Pinasabangan-2, Naujan ng mga
nakamotorsiklong berdugo ng
204th Brigade ng Philippine Army.
Si Magsino ay isa ring matapang na
abugadong nagtatanggol sa
karapatang-tao at kandidato sa
pagkaalkalde ng Naujan sa ilalim

Pebrero 12. Iligal na inaresto, pinagbubugbog, pinagkukulata, hiniya at pilit pinaaming mga gerilya ng BHB ang siyam na B'laan nang abutan silang natutulog ng mga elemento ng 66th at 39th IB sa isang kubo sa Barangay Lamalis, Kidapawan, North Cotabato. Si Flory Balilid ay pinaghubo't hubad habang kinukulata at binantaang papatayin.

ng Bayan Muna.

Sina Lucio Peles, kanyang asawa at anim pang B'laan ay ninakawan ng bigas at iba pang pagkain at pilit na pinagkarga ng mga kagamitang militar kahit nanghihina na sila sa bugbog.

Ininteroga sila at pinalaya lamang nang pirmahan nila ang isang dokumentong nagsasaad na sila'y mga myembro ng BHB at hindi pinahirapan ng militar.

Pebrero 8. Iligal na idinitine ng mge elemento ng 71st IB si Teresita Abellera, *coordinator* ng Bayan Muna sa ng Lupao, Nueva Ecija.

Pebrero 6. Iligal na hinalughog ng mga elemento ng 31st Recon Company sa pamumuno ni 1Lt. Raul Vigo ang bahay ni Florida Echalar sa Sityo Buyuan, Barangay Tigbanaba, Igbaras, Iloilo.

Pinagnakawan din ng militar ang bahay ng tiyuhin ni Meryl Eleccion, organisador ng Alyansa sang mga Mangunguma sa Igbaras. Hinaras din si Eleccion.

Pebrero 2. Arbitraryong inaresto, ininteroga at idinitine ng mga elemento ng 61st IB sina Isabel Necessario, kasapi ng Anakbayan at mga myembro ng Bayan Muna na sina Julia Tabat at Medardo Sayosa, sa Barangay Molobolo, Cauayan, Negros. Tinamnan sila ng mga bala at dokumento at inakusahang mga gerilya ng BHB.

Pebrero 1. Hinaras ng mga elemento ng RSOT ng 5th Infantry Division si Maricel Andaya, residente ng Pila East, Sta. Lucia, Ilocos Sur. Pinilit siyang ipagbigay-alam ang kinaroroonan ng kanyang kasintahan na inaakusahan ng militar na kasapi ng BHB.

Enero 27. Binantaan at tinakot ng 50th IB ng Philippine Army ang mga residente ng Barangay Sapang at Sugay, bayan ng Sta. Lucia, Ilocos Sur. Pilit

silang pinaaming mga tagasuporta ng BHB. Nagpataw ang militar ng curfew. Naglunsad rin ng mga operasyong militar sa mga baryo ng Baracbac at Abaya, Galimuyod.

32 sa mahigit 300 bilanggong pulitikal, palalayain

angako ang Gubyerno ng Republika ng Pilipinas (GRP) na palalayain na mula Abril 5 hanggang Mayo 4 ang 32 bilanggong pulitikal na nakakulong sa iba't ibang bilangguan sa bayan. Bahagi ito ng mga confidence-building measure na pormal na ipinaabot noong Abril 2 ni Silvestre Bello III, punong negosyador ng GRP, sa peace panel ng National Democratic Front of the Philippines (NDFP).

Nagtipon sa Oslo, Norway ang dalawang panel mula Marso 30 hanggang Abril 3 para sa ikalawang pagpupulong mula nang muling ilunsad ang pormal na usapang pangkapayapaan noong Pebrero.

Kabilang sa mga palalayain ang pitong babaeng bilanggo (tatlo sa kanila, mga inang nagpapasuso pa ng sanggol), sampung minor-deedad, mga matatanda at mga may sakit. Kabilang dito si Zenaida Llesis, na nagdadalantao nang madakip sa Pagantukan, Bukidnon noong Agosto 2002. Iniluwal ni Llesis ang kanyang anak na si Baby Gabriela sa Bukidnon Provincial Jail noong 2003. Napanganak na may karamdaman sa puso si Baby Gabriela. May karamdaman din sa puso si Llesis.


Bago ito, mariing tinuligsa ni Kasamang Luis Jalandoni, pinuno ng peace panel ng NDFP, ang kabiguan ng GRP na tudpin ang komitment nitong pagpapalaya mula pa noong 2001. Naglunsad ng hunger strike and mga bilanggong pulitikal upang igiit ang kanilang kaqyat na paglaya at ipahayag ang kanilang indignasyon sa pagwawalambahala ng GRP sa kanilang kalagayan. Naunang nag-ayuno si Zenaida Llesis noong Marso 29. Sumunod nitong Abril 2 ang siyam pang mga bilanggong pulitikal sa lalawigan ng Quezon. Kagyat na sinundan sila ng 300 pang bilanggong pulitikal sa iba't ibang

bahagi ng bayan sa pag-aayuno hanggang Abril 5.

Bukod sa ipinangako nang palalayaing 32 bilanggo, may 278 iba pang bilanggong pulitikal sa iba't ibang kulungan. Ang naturang mga bilanggo ay sadyang sinampahan ng mga kasong kriminal tulad ng murder at illegal possession of firearms upang hindi sila makapaglagak nq pyansa at upang silang bilanggong maituring kriminal at di bilanggong pulitikal.

Ayon sa huling paglilinawan sa pagitan ng NDFP at GRP batay sa doktina ng Korte Supreme sa kasong pampulitika ni Amado V. Hernandez, sumang-ayon ang GRP sa tindig ng NDFP na hindi dapat ikategoryang bilanggong kriminal ang nakakulong dahil sa paninindigang pulitikal.

Kabilang sa mqa di pa sinasang-ayunan nq GRP palayain sina Donato Continente at Juanito Itaas. Ang dalawa ay dinakip at ikinulong dahil sa pagkakasangkot umano nila sa pagpatay noong 1989 kay Col. James Rowe, isang espesyalista sa "kontra-insurhensya" mula pa sa gera ng ÙS sa Vietnam at nakatalaga sa Joint US Military



Advisory Group sa Pilipinas. Mahigpit na tinututulan ng gubyernong US ang pagpapalaya sa dalawa kahit mahigit 15 taon na silang nakakulong at may karapatan nang magawaran ng parole.

Gayundin ang tinaguriang "Mamburao 6"—anq magsasakang sina Manolito Matricio, Eduardo Hermoso, Ruben Balaquer, Mario Tobias, Joshua Ungsod at Gelito Bautista. Noong 1998 pa sila nakakulong sa bintang na pagpatay sa magkapatid na Michael at Paul Quintos sa Mindoro noonq 1997, samantalang hayaqanq inako nq Bagong Hukbong Bayan ang pagpataw ng parusang kamatayan magkapatid dahil sa kanilang malalaking kasalanan mamamayan.

Bukod sa pagpapalaya sa 32 detenido, kabilang sa confidence-building measures ng rehimeng Arroyo ang komitment ng GRP na gumawa ng mga paraan para tiyakin at madaliin ang pagbibigay sa 10,000 biktima ng diktadurang Marcos ng indemnipikasyon mula sa mga nasekwester na nakaw na yaman ng mga Marcos.



Atake sa mga progresibong partido, tumitindi

Tumitindi ang mga atake ng rehimeng Arroyo at mga pasista sa mga progresibong kandidato at partido habang papalapit ang eleksyon.

Nitong Abril 2, inirekomenda ni Norberto Gonzales, bagong National Security Adviser, na ilaglag na bilang mga partido ang Bayan Muna (BM) at lima pang progresibong partido—Anakpawis, Gabriela Women's Party, Anak ng Bayan, Migrante at Suara Bangsa Moro. Inakusahan niya ang BM ng pagbibigay ng mahigit P500 milyon sa Bagong Hukbong Bayan. Pinangangambahan ng mga reaksyunaryo na maqiqinq siqnipikanteng bloke ang mga ito sa kongreso at malaking sagabal sa mga maka-imperyalista at kontramamamayang patakaran ng reaksyunaryong papet na gubyerno.

Ang mga gawa-gawang akusa-syon ng Malakanyang at AFP ay nagbibigay lamang ng senyal sa mga berdugo at iba pang pasista na pag-ibayuhin ang mga atake sa mga progresibong kandidato at partido. Mula nang maitayo ang BM noong 2001, umabot na sa 70 ang napatay na mga lider at myembro nito. Bukod pa ito sa mga dinukot, sinaktan at hinaras. Mga pwersang militar at paramilitar ang salarin sa mga krimeng ito.

Mariing binabatikos at pinabubulaanan mqa nq progresibong kandidato at partido ang mga paratang ni Gonzales. Kaiba sa reaksyunaryong gubyerno na naglulustay sa pondo ng mamamayan, anila, ang mga pinondohan nila ay ilandaang day care center, eskwelahan, poso at mga sistema ng patubig, farm-tomarket road, tulay, klinika at iba pang proyektong kapakipakinabang sa mamamayan.

Ambus sa Camarines Sur

Noong Marso 1, inambus BHB ang mga tropa ng 42nd IB sa Barangay Bataan, Tinambac, Camarines Sur. Mahusay na nagamit sa naturang taktikal na opensiba ang iba't ibang porma ng eksplosibo upang sindakin at mabilis na gapiin ang kaaway. Sumusunod ang salaysay ng pangyayari.

ag-aala-una ng madaling araw nang mag-ulat sa radyo ang lookout na nakapwesto malapit sa sentro ng baryo. "Narito na," aniya. "Isang trak."

Agad nag-alerto ang mga kasamang nasa pusisyong ambus. Ginising ang di iilang napaidlip na sa pag-aabang. Pang-apat na gabi na nila sa pusisyon.

Mabilis na nagligpit ng mga gamit ang mga gerilya at pumwesto sa kani-kanyang kober. Dinig na ang ugong ng papalapit na trak ng militar. Naghanda ang mga kasama. Alerto nilang hinintay ang blaster na siyang magbibigay ng hudyat na putok. Ang iskwad Kaloy at Baking ang itinakdang dumikit sa kalsada at magpako sa kaaway.

Ngunit biglang tumigil ang ugong ng trak bago pa tuluyang pumasok sa pwesto ng mga kasama. Naglakad ang mga sundalo.

Handa ang mga Pulang mandirigma sa pagpihit ng sitwasyon. Hinintay nilang umabot ang mga kaaway sa pwesto ng Kaloy na siyang unang magpapaputok.

Ilang saglit pa'y nasa bitag na ang kaaway. Maiingay pang nagkukwentuhan habang naglalakad. Pinasabog ng Kaloy ang ilang bombang *anti-personnel* bilang *signal* fire.

Mabilis na nakadikit ang Baking sa kalsada. Ang Kaloy ay naantala ng ilang nanlabang mga sundalo na sanhi ng dilim ay di matiyak ang kinalalagyan.

"Asolt na, Baking at Kaloy!" anang kumand. Dahan-dahang umabante ang mga mandirigma habang nagpapaputok. Sunud-

sunod din ang paghahagis nila ng mga improbisadong granada upang agad na durugin ang kapasyahan ng kaaway na lumaban. Nagmintis naman ang ilang inihagis na pangilaw. Sa gitna ng dilim, ulinig ang pagtakbo ng mga sundalo paalis sa lugar.


Makaraan ang ilan pang sandali ay nakadikit na rin ang Kaloy sa gilid ng kalsada. Muling nakapangibabaw ang katahimikan na panaka-nakang pinupunit ng pagmumura at pagpapaputok ng iisang sundalong naiwang nanlalaban.

Bandang alas-2:15 nang makaasolt ang mga kasama. Isang M203 ang una nilang nasamsam.

Humupa ang mga putok dakong alas-2:30 ng umaga. Bago magalas-3:00, pito mula sa bawat iskwad ang minobilisa para galugarin ang paligid ng pinaglabanan, tugisin ang natitira pang kaaway at maghanap ng dagdag pang baril na makiklining. Ngunit sadyang malaking balakid ang dilim. Nagpasya ang kumand na pagpahingahin muna ang mga kasama at maghintay ng liwanag bago ituloy ang pagsuyod para sa *clearing*.

Mag-aalas-6:00 ng umaga nang muling umabante ang mga nakatalaga para sa *clearing*. Makaraan ang halos isang oras, nasukol nila sa di kalayuan mula sa pinaglabanan ang dalawang sundalo. Nakakober ang mga ito sa iisang puno ng niyog. Nagpalipas sila ng dilim sa pagasang aatras na ang BHB at habang naghihintay ng saklolo.

 $^{^{}m 1}$ Tagapagpasabog ng mga bomba



Pinayuhan sila ng BHB na sumuko na lamang, magtiwalang tatratuhin sila nang mahusay, rerespetuhin ang kanilang mga karapatang-tao at gagamutin sila kung may sugat. Kapagdaka'y lumabas sina Lt. Ronaldo Fedelino, kumander ng "C" Company ng 42nd IB, at Pfc Ronel Lemeño. Isinalong nila ang isang M203, isang M14 at mga bala. Kasalukuyan silang nasa pangangalaga ng BHB bilang mga bihag ng digma. Tatlong tropa ng kaaway ang kumpirmadong napatay

sa ambus.

Sumibad sa pain.
Bago ang matagumpay na opensiba,
naglatag mu-

na ng pain ang BHB. Noong petsa 27, ilang kasama

ang sadyang naglantad sa sentro ng Tamban, isang malaking barangay sa Tinambac na may mayor na daungang nagsisilbing lagusan ng maraming tao mula sa apat na bayan sa Camarines Sur. Kaaalis pa lamang ng isang detatsment ng 42nd IB sa naturang baryo noong Disyembre 2003 at masinsin pa ang presensya roon ng mga ahenteng paniktik ng kaaway. Kinausap ng mga kasama ang ilang alyado sa baryo at sinita at binalaan ang ilang residenteng nakikipagtulungan sa kaaway.

Dalawang maghapon ding nagtsekpoynt ang mga kasama humigit-kumulang limang kilometro mula sa *ambush site* at ilandaang metro lamang mula sa Tamban.

Pinara ng mga kasama sa tsekpoynt ang lahat ng sasakyang nagmumula sa Tamban patungong lunsod ng Naga. Bawat dumaan sa tsekpoynt ay pinaliliwanagan ng mga kasama tungkol sa pananaw

> ng rebolusyonaryong kilusan kaugnay ng darating na

eleksyon. Layunin din sa pagtsekpoynt na kumpiskahan ng baril ang sinumang matyempuhang armadong tauhan ng kaaway.

Dalawang tauhan ng CAFGU ang nasita ng mga kasama sa tsekpoynt at kagyat na nagsumbong sa kampo sa Mananao, Tinambac. Rumesponde ang militar noong Pebrero 29 nang hatinggabi, at nahulog sa bitag ang 14 sundalong sumama sa *strike operation*.

Parang pista. Masayang sinalubong ng masa sa mga dinaanang baryo ang mga Pulang mandirigma nang umatras sila matapos ang matagumpay na opensiba noong umaga ng Marso 1. Sa isang pansamantalang hinimpilan ng mga kasama, buong maghapo'y walang patid ang pagdating ng masang nagpaabot ng kanilang malugod na pagbati. Abala rin ang masang taguyod sa pagsasaing para sa malaking tropang naglunsad ng taktikal na opensiba.

Mangha ang bihag na si Pfc Lemeño sa nasaksihan niyang mainit na samahan at pagkakaisa ng masa at Hukbo. "Ganito pala kayo 'pag nagtitipon," aniya, "parang pista."

Habang umaatras, tiniyak ng mga kasama ang pagkausap at pakikipagtalakayan sa mga bihag. Ipinaliwanag sa kanila ang mga patakaran ng rebolusyonaryong kilusan ukol sa pangangalaga sa mga bihag at ang proseso ng pagpapalaya sa kanila. Nakipagtalakayan din sila kaugnay ng ilang usaping pampulitika at nakipagkwentuhan tungkol sa kanilang mga pamilya at buhay-buhay.

Matatagumpay na opensiba inilunsad

sa Eastern Visayas

Fireyd at winasak ng mga gerilya ng Mt. Amandewin Command nq Bagong Hukbong Bayan (BHB) sa Leyte ang drilling facilities (kagamitan sa paghuhukay) malalimang Philippine National Oil Co. (PNOC) sa Ormoc City nitong Marso 26.

Matagumpay na nailunsad ang operasyong militar na walang putok. Tiniyak ng mga Pulang mandirigma ang kaligtasan ng lahat ng mga sibilyang empleyado ng PNOC, maging ng mga security quard.

Pinarusahan ang PNOC dahil sa di nito pagkilala sa awtoridad ng rebolusyonaryong qubvernong bayan, di pagtupad sa mga patakaran nito sa paqbubuwis at dahil sa paq-aqaw nito sa lupa nq mamamayan nang walang anumang programa para tiyaking hindi mapipinsala ng kanilang drilling project mamamayan ang kapaligiran.

Nakasamsam ang BHB ng isang M16, dalawang shotgun at 17 granada ng M203, bukod pa sa mga bala ng M16. Walong tropa ng PNP-Regional Mobile Group na kabilang sa tropang tumugis sa BHB ang napatay nang tambangan sila ng mga Pulang mandirigma.

Samantala, ayon pinakahuling mga ulat mula sa Efren Martires Command ng BHB sa Eastern Visayas, 13 sundalo ng 34th IB at isang pulis ang napatay sa sabayang reyd sa detatsment ng PNP at ambus sa mga tropa ng Philippine Army noong Marso 17 sa San Jose de Buan, Samar. Nauna nang iniulat sa AB na tatlong elemento ng PNP ang nasugatan sa

taktikal na opensibang ito.

Inilinaw ng Efren Martires Command na Alpha ang Company nq 34th IB ang pangunahing target opensiba dahil sa brutal nitong rekord sa paglabag sa mga karapatang-tao ng mamamayan Kabilang Samar. sumusunod sa mga tinukoy na pagkakasala ng kaaway na yunit:

- ► Pagpatay kina Fulgencio Gabin, 60, sa Barangay Gusa, San Jose de Buan noong Hunyo 6, 2003 at kay Jossie Cabarles sa Barangay Totoringon, Catbalogan Nobyembre 25, 2003 dahil sa hinalang tagasuporta sila ng BHB.
- Paglapastangan sa mga labi ni Carlito "Ka Terado" Salingsing, na pinugutan ng ulo matapos siyang mapatay sa engkwentro noong Hulyo 23, 2003 sa Barangay Naguma, Calbayog City, Samar.
- ► Pagdukot at pagtortyur sa mga pinaghihinalaang tagasuporta ng BHB at pambubugbog sa mga sibilyan tuwing may operasyong militar.
- ▶ Pwersahang paggamit sa mga magsasaka bilang trabahador sa mga kampong militar.
- ► Walang pakundangang pangwawasak sa mga pananim at pagsira sa mga alagang hayop ng masa sa mga operasyong mil-
- Pagpapasimuno ng iligal na logging at pakikipagkutsaba sa mga iligal na nagtotroso sa Barangay Buray, Paranas Catbalogan.

▶ Pangunguna sa mga bulok at anti-sosyal na mga gawain tulad ng panunugal, paglalasing at iba pang krimen sa mga baryong malapit sa kanilang kampo.

Iniulat din ng Efren Martires Command ang pangingibabaw ng Pulang mandirigma dalawang depensibang aksyon sa Leyte at Eastern Samar.

Sa lalawigan ng Leyte, siyam na elemento ng 19th IB ang napatay maaqaw nq BHB inisyatiba mula sa mga sundalong sumalakay sa isang kampo ng BHB sa Barangay Wague, bayan ng Leyte noong Marso 2. Isang Pulang mandirigma anq namatay labanan. Ligtas namang nakaatras ang iba pang gerilya ng BHB.

Sa Dolores, Eastern Samar, nalamangan din ng 15 Pulang mandirigma ng Lupito Mingote Command ang mga umaatakeng tropa ng Bravo Company ng 14th IB noong Pebrero 18. Limang sundalo napatay—dalawa pakikipaglaban sa BHB at tatlo nang magkasagupaan mismo ang mga nalitong tropa.



Paggamit ng mga sibilyang pananggalang, kinundena

Mariing binatikos ng Efren Martires Command ng Bagong Hukbong Bayan sa Eastern Visayas ang paggamit ng Philipppine National Police (PNP) sa mga sibilyan bilang pananggalang sa isang labanang naganap noong Marso 26 sa Barangay Lake Danao, Ormoc City, Leyte.

Sa isang pahayag nitong Abril 1, kinundena ni Jose Sumoroy, tagapagsalita ng kumand, ang sadyang pagsasabay ng PNP sa tatlong empleyado ng Philippine National Oil Corp. (PNOC) kahit alam nilang makakasagupa nila ang BHB.

Batid ng PNP at ng reaksyunaryong militar na hindi nandadamay ng sibilyan ang BHB sa kondukta nito ng armadong pakikibaka. Mahigpit na tumatalima ang BHB sa internasyunal na makataong batas at mga pandaigdigang alituntunin sa digma bukod pa sa mga patakaran nito, ng Partido at ng National Democratic Front of the Philippines laban sa pananakit sa mga sibilyan. Inaasahan ng pulis na kapag nakita ng BHB na may kasama silang tatlong sibilyan, magaatubili itong ambusin ang kanilang mga tropa.

Hindi alam ng mga Pulang mandirigma ng Mount Amandewin Command ang mga sibilyang nasa komboy ng mga tropang ipinadala ng PNP sa PNOC. Dahil dito, nadamay at napatay sina Aldrine Alcober, Jerry Flores at Jaime Celeste, pawang mga empleyado ng PNOC. Ipinahayag ng Efren Martires Command ang kanilang masidhing pagkalungkot sa walang pakundangang pagsasapanganib ng PNP sa naturang mga sibilyan. Ipinaabot din nito ang sinserong pakikidalamhati at kahandaang tumulong sa mga pamilyang naulila.

Nanawagan din ang kumand sa AFP at PNP na igalang ang karapatan ng mga inosenteng sibilyan at tumalima sa Comprehensive Agreement on Respect for Human Rights and International Humanitarian Law. Binatikos nito ang pwersahang paggamit ng militar at pulisya sa mga sibilyan bilang mga giya sa operasyon o pag-utos sa kanilang pumwesto sa unahan ng kanilang mga tropa. Bukod pa ito sa pambobomba sa mga komunidad, pananalbeyds, pagdukot, pagtortyur at iba pang mga paglabag sa karapatang-tao at pandaigdigang makataong batas.

Paglaban sa RSOT sa Eastern Visayas



Isa sa mga pangunahing pamamaraan ng kaaway ngayon sa pagtatangka nitong madurog ang Bagong Hukbong Bayan (BHB) at mawasak ang rebolusyonaryong baseng masa ang paglulunsad ng mga operasyon ng Reengineered Special Operations Teams (RSOT).

Ang RSOT ay ikatlong bersyon na ng Special Operations Teams (SOT) na pinakawalan ng reaksyunaryong estado noong dekada 1990. Nang mabigo ang unang bersyon ng SOT na wasakin ang rebolusyonaryong kilusan, muli itong inilunsad at pinangalanang Modified Special Operations Teams (MSOT o "inamyendahang" SOT). At nang mabigo pang muli, nitong huling kwarto ng 2001 ay muli na naman itong inilunsad at pinangalanan nang "reengineered" o "muling binuo" na mga SOT.

Tampok sa RSOT ang pagtatambak ng malaking bilang ng militar sa mga baryo na pinaniniwalaang balwarte ng rebolusyonaryong kilusan. Sisentruhan ng mga ito ang ipinagpapalagay na mga susing baryo at mga kanugnog nito. Karaniwan ay gumagamit ang kaaway ng pinalaking platun o lakas-kumpanyang pwersa na nagrerelyebo para maituluy-tuloy nila ang operasyon sa loob ng matagal na panahon. Kadalasang mula anim na buwan hanggang isang taon tumatagal ang RSOT sa bawat sinesentruhang tipak ng mga baryo.

Habang nasa naturang mga baryo sila, pinalalakas nila ang mga operasyong paniktik upang matukoy ang mga aktibong gerilya ng BHB, mga inuugnayan at napakikilos at mga imbakan ng armas ng mga ito. Naglulunsad rin sila ng civil-military operations sa layuning malinlang at

mawasak ang mga organisasyong masa at mahimok ang mga myembro nito na talikuran na ang rebolusyon.

Habang naglulunsad ng operasyong paniktik at CMO ang mga pwersa ng RSOT na nakababad sa mga baryo, mayroon din silang mga pwersang makilos na gumagalugad sa mga paligid at naglulunsad ng operasyong kombat laban sa BHB. Higit na malaki ang mga pwersang nakapakat para sa mga operasyong kombat.

Pagharap ng BHB sa SOT sa Eastern Visayas. Noong huling hati ng 2003, nilagom ng organisasyon ng Partido sa Eastern Visayan (EV) ang mayamang karanasan nito sa pagharap at pagbigo sa mga RSOT.

Natayang matagumpay na nalalabanan ang RSOT sa EV sa kalahatan. Partikular sa prubinsya ng Northern Samar, napananatiling buo at matibay ang rebolusyonaryong baseng masa sa kabila ng matinding panlilinlang at kalupitan na iniha-

hasik ng kaaway para wasakin ang mga ito. Sa halip na makapagpabango at mapalapit sa mamamayan, higit pang nalalantad ang pasistang katangian ng kaaway at lalo itong nahihiwalay. Wala rina nailunsad na matagumpay na atake ang kaaway laban sa BHB

kasabay ng mga RSOT nito. Sa halip, ang kaaway pa ang napinsalaan dulot ng mga taktikal na opensiba ng mga Pulang mandirigma.

Malakas na taktikal na pamumuno ng Partido. Susing salik sa pagbibigo ng mga RSOT sa EV ang pagpapanatili ng aktibong taktikal na pamumuno ng mga teritoryal na komite ng Partido sa mga lugar na apektado ng RSOT. Nagtutulungan ang mga namumunong organo ng antas-prubinsya, Partido sa larangan at seksyon para idirihe, isentralisa at ikoordina ang iba't ibang plano at pagkilos laban sa RSOT.

Sa pagbabalangkas ng programa sa pagharap sa RSOT, gumagawa muna ang Partido ng malinaw na pagsusuri sa tinatakbo nito. kalagayang ipinatutupad pinalalawak sa iba't ibang larangang qerilya ang mga RSOT, sa antas-prubinsya binubuo ang plano sa kampanya paqlaban nq dito. Kumprehensibo ang plano, kabilang ang pagkukumbina ng pamamaraang pampulitika at militar, armado at di armado, lihim at hayaq at may koordinasyon ng mga pagkilos sa mga larangang gerilya at puting purok. Batay sa binalangkas na plano ng prubinsya, gumagawa ng kaukulang mga plano sa antas larangan at seksyon.

Pinakatuwirang apektado ang mga komiteng seksyon, kaya't pinakamabigat ang responsibilidad ng mga ito sa pagbigo ng RSOT sa kani-kanilang saklaw. Kailangang



maging matalas sila sa pagtatakda ng mga wastong tungkulin at deployment ng mga yunit gerilya.

Sa mga pagkakataong maaari pa ring kumilos ang BHB sa mga militarisadong lugar, minamaksimisa ng mga yunit gerilya ang inisyatiba at pleksibilidad, nananatili sa erva at naqpupursiqi sa mqa qawain sa tulong ng masa. Sa gayon, napapanday at nasasanay ang mga yunit gerilya na magpatupad ng gawain sa harap ng mga panganib.

Lalong nagiging mahalaga ang pangangalaga sa seguridad ng mga yunit qerilya sa mga panahon ng operasyon ng kaaway. Kaya ibayong pinanghahawakan nila ang lihim na pagkilos, maingat na pagbabase at mga katulad na patakaran sa seguridad. Kailangan ding maglatag ang BHB ng sarili nitong lambat-paniktik sa mga baryo at munisipalidad, at maging sa mga detatsment ng kaaway, para palagiang nakakukuha ng wasto at sariwang impormasyon hinggil sa mga plano at kilos ng kaawav.

Papel ng sangay sa lokalidad at mga organisasyong masa. Dahil ipinatutupad ito sa antas-baryo, kritikal na bahagi ng paglaban sa RSOT ang pagpapalakas ng mga sangay ng Partido sa lokalidad at ng mga organisasyong masa. Pinakamalalaki anq natamong tagumpay laban sa RSOT at pinakamaliit ang naging pinsala sa mga lugar kung saan aktibong gumana ang mga sangay ng Partido at organisasyong masa.

> Sa mga pagkakataong kailangang ilipat ang konsentrasyon ng pagkilos ng BHB sa labas ng lugar na inooperasyon ng RSOT, kailangang paka-iwasan ang sobrang pagtaya sa panganib at masyadong paglalayo ng yunit sa lugar ng operasyon at sa ugnay sa masa. Tiyaking napananatili

ang maayos na ugnay at patuloy na paggabay sa mga sangay ng Partido sa lokalidad at sa mga organisasyong masa. Sa gayon, natutulungan pa rin ng komiteng seksyon ang sangay at mga organisasyong masa, at nakakakalap pa rin ng impormasyon hinggil sa itinatakbo ng RSOT sa lugar.

Sariling paqtatanqqol baryo. Ilan sa mga kongkretong hakbang na isinasagawa sa antasbaryo matapos makamit pagkakaisa ng sangay at mga organisasyong masa hinggil sa pag-

 \succ

tanaw at pagtugon sa RSOT ang pagsasaayos ng sariling pagtatanggol ng baryo. Ang mga pamilya ng mga kasamang kumikilos nang pultaym ang pangunahing nanganganib na dikdikin at iharas ng kaaway, kaya tinutulungan silang maghanda sa posibleng pag-iimbestiga at panggigipit ng kaaway. Kabilang din sa mga binibigyan ng oryentasyon ang mga bata dahil sila ang karaniwang nilalapitan ng kaaway upang lansihin at kunan ng impormasyon. Kinukuha rin ng sangay ng Partido at mga organisasyong masa ang kooperasyon ng mga punong barangay at sangguniang barangay para kumilos sa pagtatanggol ng mga tagabaryong binibiktima ng mga abusong militar.

Tuwirang pinakikilos din ng sangay ng Partido ang milisyang bayan upang tiyakin ang kaligtasan ng maiinit na kasama at aktibista sa baryo, bantayan ang kilos ng kaaway at regular na maghatid ng mga sariwang ulat at mga impormasyon sa yunit gerilyang kumikilos sa lugar. Ang mga tukoy o pinaghihinalaang impormer ay dinidikitan, kinakausap, at sinisikap nilang nyutralisahin para hindi magamit ng kaaway. Ang iba ay kinukumbinsing lumiban muna sa ibang lugar.

Bunga ng mga ito, bigo ang kaaway na tukuyin at wasakin ang mga sangay ng Partido at mga organisasyong masa sa baryo. Napangalagaan ang mga kasama at aktibistang pinag-iinitan ng kaaway. At hindi nakapagrekluta ang kaaway ng mga bagong impormer at mga pwersa para sa CAFGU.

Malawak at malakas na kilusang masa. Mabisang sandata laban sa RSOT ang isang malawak at malakas na kilusang masa na gumagamit ng ligal at di ligal, hayag at lihim na mga anyo ng pagkilos at pakikibaka para biguin ang RSOT. Mahalagang sangkap ito

sa pagpapanday ng mapanlabang diwa ng masa para ipagtanggol ang kanilang mga karapatan at interes at isulong ang rebolusyon.

Sa karanasan ng EV, matagumpay na nailunsad sa hayag ang pagpapapirma ng libu-libong mamamayan mula sa 112 baryo at 14 na munisipalidad sa petisyon para patalsikin ang RSOT. Nakapaglunsad rin ng delegasyon at dayalogo na nilahukan ng 100 kinatawan ng

mamamayan sa 75 baryo at 14 na munisipalidad. Tinalakay, inilantad at tinutulan ang RSOT sa mga porum na inilunsad sa 13 munisipalidad. Naglabas nq mqa pahayag sa masmidya, nagtawag ng mga pulong masa, naqsampa nq mqa reklamo at kaso sa korte at naglunsad ng kampanya at pagkilos para mapalaya ana mqa dinakip.

Sa pamamagitan ng mga hayag at ligal na pagkilos, ibayo pang lumawak ang gawaing alyansa. Napakilos ang malaking bilang nq mamamayan di lamang mula sa batayang masa kundi pati panggitnang pwersa, mga upisyal ng lokal na qubyerno at iba pang sektor. Natamo ang malawak na pagkakaisa laban sa matinding mga disabusong militar,

lokasyon ng kabuhayan at pananalanta sa ari-arian na idinulot ng RSOT.

Mga taktikal na opensiba at iba pang aksyong militar. Kung tutuusin, ang mga panahong nagsasagawa ang kaaway ng RSOT ay paborable sa paglulunsad ng mga aksyong militar ng BHB. Mahigpit ang kahilingan ng masa na big-

wasan ang mga yunit ng kaaway na nasa loob na mismo ng mga rebolusyonaryong teritoryo. Hindi na kailangan pang dayuhin ang kaaway sa malayong lugar. Bukod sa nakukunan natin sila ng armas, mariing sampal ang mga opensibang ito sa kaaway na nagyayabang sa masa na nalipol na nila ang BHB. Ang mga atake natin sa mga RSOT ay nakatutulong nang malaki para sagkaan ang mobilidad ng kaaway

at magsilbing daan sa maagang pagtatapos ng RSOT.

Sa EV, mabisang nasabayan din mga espesyal operasyong partisano ang mga taktikal na opensiba sa mga regular na yunit ng kaaway na sumasabay sa mga RSOT. Mahalagang hakbang-militar ang pagpaparusa noong Enero 2003 kay Maj. Danilo Bilion, and operations chief ng 803rd Brigade na nakabase sa Northern Samar at pinakapusakal na tagalabag ng karapatang-tao sa prubinsya. Direktang responsable si Bilion sa maraming kaso ng paqtortyur at paqpatay mula pa nang pamunuan niya ang mga S₀T bilang

upisyal ng 19th IB noong unang bahagi ng dekada 1990. Matingkad din niyang kaso ang pagpapahirap at panggagahasa sa kababaihan kapag naglulunsad sila ng mga operasyong militar. Lalong nakapagpasigla sa masa sa buong prubinsya ang pagpaparusa kay Bilion. Bunga rin nito, nanyutralisa at nakabig ang ilang pwersa ng kaaway.



Labanan sa Cagayan Valley

Siyam na sundalo ng 45th Infantry Battalion at 53rd Reconnaissance Company ang namatay sa naganap na labanan sa pagitan ng mga gerilya ng BHB at militar sa Barangay Dicamay Uno, Jones, Isabela noong Marso 19. Nagpapatrulya noon ang 15-kataong tropa ng AFP bandang alas-6 ng umaga nang mamataan sila ng isang nakahimpil na platun ng BHB sa ilalim ng Benito Tesorio Command. Kagyat na nagplano ng pananambang ang mga Pulang mandirigma.

Nagsimula ang labanan bandang 6:30 ng umaga at nagtagal nang dalawang oras. Ang mga natirang tropa ng kaaway ay sumiksik sa makapal sa kahuyan kaya hindi sila ganap na nalipol.

Matagal nang nakaalis ang mga gerilya sa lugar pero dahil sa matinding takot ay hindi matulungan ng higit na mas malaking tropa ng AFP na nasa kalapit lamang na lugar ang napalaban nilang mga kasamahan.

Saka pa lamang nasaklolohan ng AFP ang kanilang mga napalabang tropa bandang alas-5 ng hapon, matapos bombahin ng dalawang Tora-Tora at masingganin ng isang Huey na helikopter ang lugar na pinaglabanan. Dagli nilang isinakay sa helikopter ang kanilang mga patay at sugatan upang di makita ng masa.

Ang mga napalabang sundalo ay bahagi ng anim na platung tropa na nag-ooperasyon sa mga munisipalidad ng Jones at Echague may isang linggo na bago ang labanan. Reaksyon ito ng 5th Infantry Division sa ginawang pagdisarma ng BHB kay Congressman Giorgidi Aggabao ng Isabela, kamaganak ni Danding Cojuangco at malapit na alyado ni Gov. Faustino "Junior" Dy. Kasama rin ni Aggabao na dinisarmahan ang dalawang meyor, isang bokal at mga badigard nila. Layunin din ng operasyong militar na pigilin ang pagdagsa ng mga kandidato sa halalan na kumuha ng Permit-To-Campaign sa rebolusyonaryong pamahalaang bayan.

Hinaharas din ng mga nag-ooperasyong militar ang mga myembro ng ligal na progresibong partido at iba pang mga organisasyon at indibidwal na lumalaban sa dinastiyang Dy ng Isabela. Lantaran nilang ikinakampanya si Governor Dy at mga galamay nito.

Malaon nang hawak ng pamilyang Dy ang reaksyunaryong pulitika sa Isabela. Bukod kay Gov. "Junior" Dy, kabilang sa mga Dy na humahawak ng poder sa prubinsya si Meyor Caesar Dy ng Cauayan at Congressman Faustino Dy III ng ika-3 distrito ng Isabela.

BHB sa Mindanao: Lumalakas, lumalawak

Patuloy na lumalakas ang pwersa ng Bagong Hukbong Bayan (BHB) sa Mindanao at inaasahang lalagpasan pa nito ang mga nakamit nang tagumpay noong 2003.

Ayon sa pahayag ng Komisyon sa Mindanao ng Partido Komunista ng Pilipinas nitong Marso 29, George "Ka Oris" Madlos,

George "Ka Oris" Madlos, Tagapagsalita NDFP-Mindanao

nakapagpalawak na ang BHB sa 2,000 baryo o sa 20% ng kabuuang 10,021 baryo ng Mindanao. Nakapakat na ang mga yunit gerilya ng BHB at mga organo ng kapangyarihang pampulitika sa mahigit 200 lunsod at munisipalidad sa 19 prubinsya ng ikalawang pinakamalaking pulo sa bansa. Sa 128 larangang gerilya sa buong bansa, 39 nito ay nasa Mindanao.

Nakapaglunsad ng mahigit 100 taktikal na opensiba ang BHB sa Mindanao noong 2003. Lahat ito ay matagumpay. Ilan sa matitingkad na taktikal na opensiba ang pagsalakay sa detatsment ng Paper Industries Corporation of the Philippines (PICOP) sa Bislig, Surigao del Sur; sa Carmen, Agusan del Norte; sa San Luis, Agusan del Sur; sa San Fernando, Bukidnon; at sa San Miguel, Zamboanga del Sur.

Nasamsam mula sa mga inilunsad na ambus at reyd ang humigit-kumulang 200 malalakas na riple, bukod pa sa mga bala at kagamitang militar. Pinakamalaking bilang ang 92 ripleng nakumpiska sa armori ng PICOP noong Marso 2003. Ang mga sundalong nagsisimpatya sa rebolusyonaryong kilusan ay nakapag-ambag din ng mga armas at bala, tulad ng mga inentrega ng dalawang sundalo ng 29th Infantry Battalion ng Philippine Army sa Agusan del Sur.

Dahil sa pagdami ng mga organisadong komunidad, lumiit ang bilang ng mga depensibong aksyong kinasasangkutan ng mga yunit ng BHB. Sa mga pagkakataong napadepensiba ang mga Pulang mandirigma, maluwag silang nakamaniobra para talunin ang mas malalaking pormasyon ng kaaway at nakananaig kahit sa mahahabang labanan tulad ng nangyari sa New Bataan, Compostela Valley noong Hunyo 30. Labindalawang malalakas na armas ang nakumpiska at 10 sundalo ang napatay nang maagaw ng BHB ang inisyatiba sa isang umaatakeng platun ng 60th IB.

Bigong pribatisasyon

ritong Marso, hayagan at lubusan nang nabunyag ang puno't dulo ng pakikipagkasundo ng rehimeng Arroyo sa pamilyang Lopez para isalba ng mga kumpanya nila mula sa tuluytuloy na pagkakalugi at ibayong palakihin pa ang kita ng mga ito. Mula pa noong nakaraang taon, makailang beses nang "sinaklolohan" ng rehimen ang sari-saring kumpanya ng mga Lopez na nakapailalim sa mga punong kumpanya nilang First Philippine Holdings Corporation at Benpres Holdings. Kabilang sa mga ito ang Bayantel, Meralco, First Philippine Development Infrastructure Corporation (FPIDC) at Maynilad Water Services, Inc.

Kagyat na nasa likod ng "pagsaklolo" ng gubyerno sa naluluging Maynilad ang walang kahihiyang pakikipagkasundo ng rehimen sa pamilyang Lopez kapalit ng suporta at pondo para sa kandidatura at inaasahang patuloy na paghahari ni Arroyo. Matingkad nitong inilalarawan ang sabwatan ng mga imperyalista, malalaking burgesya kumprador at malalaking burukrata kapitalista para protektahan ang sari-sarili nilang interes at higit pang pigain ang mamamayan.

Ang pagsalba ng gubyerno sa Maynilad ay nasa anyo ng tahasang pagbili ng gubyerno sa kumpanya sa pamamagitan ng pagpasok ng mga Lopez at ng gubyerno sa kasunduang "debt-to-equity swap" o pagtatransporma ng utang tungo sa puhunan. Ang Maynilad ang kumpanyang pag-aari ng mga Lopez at imperyalistang grupong Suez-Ondeo ng France na nakakuha ng konsesyon sa serbisyo sa tubig para sa kanlurang bahagi ng Kamaynilaan.

Sa ilalim ng kasunduang ito, hindi na babayaran ng Benpres,

ang P8 bil-yong utang nitong mga concessions fee. Sa halip, ang utang na ito ay papawiin, at bilang kapalit ay ililipat sa Manila Waterworks and Sewerage System (MWSS), ahensya ng gubyerno na namamahala sa serbisyo sa tubig, ang 61% ng mga sapi sa Maynilad

at Suez-Ondeo.
Mula 1999 hanggang

hawak ng Benpres.

Sa gayon, makakalibre ang Benpres ng P3.4 bilyon dahil P4.6 bilyon lamang ang halaga ng ibinuhos nitong kapital sa Maynilad.

Bukod pa rito, hindi na ibabalik sa mga konsyumer ang P6.4 bilyon na iligal na siningil ng Maynilad at ibinulsa na ng mga Lopez at Suez-Ondeo noong nagdaang tatlong taon. Maliliibre rin ang mga Lopez at Suez-Ondeo sa pagbabayad ng P11 bilyon utang ng Maynilad mula pa noong 1999.

Ang lahat ng ito'y sasaluhin na ng gubyerno. Itinatanggi ng Benpres at Suez-Ondeo na ginawa nilang palabigasan ang Maynilad habang pinangangasiwaan nila ito at dahil dito'y lunod na lunod sa pagkakautang ang kumpanya. Ngunit ayon na rin sa mga rekord ng kumpanya, umaabot sa P19.1 bilyon ang kabuuang utang ng Maynilad habang nasa P16.9 ang naitalang asset (kabuuang halaga

2000, nagbayad ang Maynilad ng P1.2 bil-yon para sa mga serbisyo ng mga konsultant at manedyer na itinalaga ng Benpres Holdings at Suez-Ondeo sa Maynilad. Ang mga kompyuter at iba pang kagamitan ng Maynilad ay kinontrata rin lahat mula sa mga kumpanyang pagmamay-ari rin ng grupong Suez.

ng pag-

aari) nito

noong Disyembre

2003. Mula 1997

hanggang 2001,

umabot sa P800

maipaliwanag na

gastos ng Benpres

milyon and

Kahit buung-buo nang isasabalikat ng gubyerno ang pagsalba sa naluluqing kumpanya, pangangasiwaan pa rin ito ng Benpres Holdings. Patuloy ding hahawakan ng Suez-Ondeo, ang dayuhang kasosyo ng mga Lopez, ang 19% ng sapi sa Mavnilad. Pagtutulungan nilang limasin pa ang mga pondo ng Maynilad sa pamamagitan ng malalaking sinisingil ng Benpres at Suez-Ondeo para sa serbisvo ng mga konsultant at manedyer nilang nakatalaga sa Maynilad.

Ang mga utang ng Maynilad na sinalo ng gubyerno ay ipapapasan

naman ng qubyerno sa mamamayan. Upang mabayaran ang mga ito, itataas ng gubyerno ang singil sa serbisyo sa tubiq nanq hanggang 32%. Dagdag ito sa 226% na itinaas na ng singil sa serbisyo simula nang hawakan ng Maynilad ang serbisyo sa 1997. Samantala, noona tubia umaabot na rin sa 350% ang itinaas ng singil sa parehong serbisyo ng Manila Water Company, kumpanyang pag-aari ng kumprador na pamilyang Ayala at ng imperyalistang grupong Betchel-International Water ng US, United Utilities ng UK Mitsubishi Corporation ng Japan, na humawak naman sa konsesyon sa tubig sa silangang bahagi ng Kamaynilaan. Ang ibayong pagmahal sa serbisyo sa tubig dulot ng pribatisasyon ay taliwas sa pangako ng mga imperyalista at ng papet na rehimen na ang pribatisasyon at deregulasyon ay magpapababa ng singil sa serbisyo sa tubig.

Sa harap ng lahat nito, walang mabuting idinulot ang pagsasapribado ng serbisyo sa tubig. Taliwas sa ipinagmamayabang ng Maynilad, aabot pa rin sa 43% ng buong Kamaynilaan ang walang tuluy-tuloy at episyenteng serbisyo sa tubig habang 1.5 milyong katao sa Kamaynilaan ang hindi man lamang naaabot ng kanilang serbisyo.

Noong isinapribado ng gubyerno ang MWSS noong 1997, tinagurian itong pinakamalaking modelo ng pribatisasyon ng pampublikong serbisyo.

Inilalantad ng mga pangyayari mula noon ang kapalpakan ng lahat ipinangangalandakang mqa benepisyo ng patakarang pribatisasyon, denasyunalisasyon, deregulasyon at liberalisasyon. Ipinakikita nito kung paanong sa aktwal ang naghihikahos na ekonomya at sambayanang Pilipino ay pinipiga ng mga dayuhang kapitalista at lokal na mga kasabwat nila sa negosyo at sa reaksyunaryong qubyerno.



Meralco, humihirit

ISA pang naluluging kumpanya power purchased adjustment o ng pamilyang Lopez ang muling nagpapasaklolo sa rehimeng Arroyo. Kamakailan, nanakot pamilyang Lopez ang nakaamba anq malawakang kakulangan sa suplav hindi kuryente kung hahayaan ang MERALCO na magtaas ng singil sa serbisyo sa kuryente. Ang MERAL-CO ay and pandunahing kumpanya sa serbisyo kuryente na kontrolado ng kani-

Nais ng mga Lopez na tanggalin na ng gubyerno ang 40-sentimo bawat kilowatt-hour na hangganan sa sinisingil na

lang pamilyang Lopez.

PPA. Ito ana siyang panqunahing pinagkukunan ng tubo ng MERALCO.

Nais rin ng mqa Lopez na tahasang mabigyang laya na ang lahat ng mga kumpanya √ng kuryente na kumontrata ng suplay ng enerhiya sa mga independent power producers (IPP) o pribadong kumpanyang nagpoprodyus ng kuryente. Ito ang kanilang tugon sa mariing pagbatikos sa kasalukuyang kaayusan kung saan kumukuha ng enerhiva ang **MERALCO** sa mqa kumpanyang pagmamay-ari rin ng mga Lopez.

75 sentimong dagdag pasahe, mapanlinlang, mapanghati

TINANGGIHAN Ng mga drayber at opereytor ang mapanlinlang at mapanghating hakbang na alok ng qubyernong Arroyo na 75 sentimong dagdag sa pasahe isang araw bago ang nakatakdang aksyong protesta noong Marso 30 at 31. Dahil dito, paralisado ang pampublikong transportasyon sa tigil-pasadang inilunsad sa maraming lunsod at bayan sa buong bansa noong mga araw na iyon.

Binatikos ng Pinag-isang Samahan ng mga Tsuper at Operator Nationwide (PISTON) ang naturang dagdag sa pasahe dahil kapos ito sa hinihinging P1.50 daqdaq-pasahe aplikable lang ito sa mga pumapasada sa mga rutang mula limang kilometro pataas. Sa

maragavon, ming drayber na pumapasada sa maiikling ruta ang hindi mabibiyayaan nq anumang daqdaq sa pasahe. Ayon sa mga welgista, layunin lang itong hatiin ang hanay ng drayber at operevtor.

Umabot sa 80-95% ang paralisasyon sa transportasyon sa Baguio City, Angeles City, buona Bulacan, Calabarzon (Cavite, Laguna, Batangas, Rizal, Quezon), ilang pangunahing bayan at lunsod sa Bicol at Western Visayas at sa mga lunsod ng Cebu, Mandaue at Talisay. Sa Mindanao, umabot ng dalawang araw ang welgang pumutok sa lahat ng syudad maliban sa Zamboanga City.

Taon XXXV Blg. 7 Abril 7, 2003 www.philippinerevolution.org

Editoryal

Labanan ang papatinding pang-aapi sa mamamayang Moro

rehimeng Arroyo ang pangaapi sa mamamayang Moro.
Matinding takot ang bumabalot ngayon sa mamamayang Moro bunsod ng mga pagsosona sa kanilang mga komunidad, pagreyd sa kanilang mga bahay, arbitraryong pag-aaresto at pangtortyur sa umano'y mga terorista sa hanay nila. Ang balak ng Philippine National Police na ipatupad na sistema ng "Muslim ID" ay sisikil lamang sa kanilang mga kalayaang sibil.

Lubos na kinukundena ng Partido Komunista ng Pilipinas at buong rebolusyonaryong kilusan ang walang habas na mga atake ng rehimeng Arroyo laban sa mga karapatang-tao ng mamamayang Moro. Ang mga hakbangin ng reaksyunaryong rehimen ay nagpapalubha sa pambansang pangaapi at prehudisyal na paqtrato sa mga Moro at naglalarawan sa kanila bilang mga kriminal, bandido at elementong anti-sosyal. Dulot ng mga hakbangin ng rehimeng Arroyo, ngayo'y kaagad na tinatatakan na rin silang mga "terorista." Sinasamantala at lalong



pinasasama ng rehimeng Arroyo ang mga umiiral na maling anti-Morong kaisipan at kultura sa hangaring maipatupad ang mga patakarang anti-Moro.

Isinasakripisyo ng rehimeng Arroyo ang interes at kapakanan ng mamamayang Moro sa ngalan ng anti-terorismo. Paulit-ulit na ikinakatwiran ng rehimeng Arroyo na mayroon umanong mga "intelligence report" na balak ng Abu Sayyaf na sundan ang teroristang pambobomba sa Madrid, Spain noong Marso 11 ng katulad rin na pambobomba sa Kamaynilaan.

Tusong layunin ng rehimeng Arroyo na pairalin ang takot at isterya sa mamamayang Pilipino, magbigay-katwiran at kumuha ng simpatya sa isinasagawa nitong mga pasistang hakbangin laban sa mga Moro. Sa pamamagitan ng mga ito, umaasa ang pangkating

Mga tampok sa isyung ito...

Mga tampok na paglabag sa karapatang-tao

PAHINA 3

Ambus sa Camarines

PAHINA 6

Paglaban sa RSOT sa Eastern Visayas

PAHINA 9